Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBU PROVINCE
Sudlon, Lahug, Cebu City

Agosto 14, 2013

**Pansangay na Memorandum**
**Blg. 435, S. 2013**

**PAMBANSANG KONGRESO SA WIKA**

**Para sa:** **OIC, Assistant Superintendents**
**Education Supervisors/Coordinators**
**District Supervisors/OICs**
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Kalakip ay Memorandum Pangkagawaran Blg. 125, s. 2013 na may petsang Hulyo 16, 2013 at pinamagatang " **Pambansang Kongreso sa Wika** " para sa impomasyon at gabay ng lahat ng kinauukulan.

2. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ARDEN D. MONISIT, Ed.D.**
**Schools Division Superintendent**

Telephone Numbers:

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent: | (032) 255-6405 |
| Asst. Schools Division Superintendent: | (032) 414-7457 |
| Accounting Section: | (032) 254-2632 |
| Disbursing Section: | (032) 255-4401 |
| Admin/Legal: | (032) 253-7847 |
| Promotional Staff Section: | (032)520-3217 |

Website : www.depedcebuprovince.com
E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com

Republic of the Philippines
# Department of Education

16 JUL 2013

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 125, s. 2013

**PAMBANSANG KONGRESO SA WIKA**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong-Guro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementary at Sekundarya

1. Kaugnay ng Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng isang **Pambansang Kongreso sa Wika** na may paksang-diwa *Wika Natin ang Daang Matuwid* sa Agosto 19-21, 2013 sa Leong Hall, Ateneo de Manila University (AdMU), Lungsod Quezon.

2. Ang layunin ng Kongreso ay ang mga sumusunod:

a. mailahad ang kasalukuyang sitwasyong pangwika sa bansa;
b. matalakay ang kalagayang pangwika sa edukasyon ng lipunang Filipino sa buong bansa;
c. matalakay ang kalagayang pangwika sa edukasyon ng lipunang Filipino sa buong bansa; at
d. matukoy at matugunan ng kaukulang solusyon ang mga suliraning pangwika sa iba't ibang larangan ng lipunang Filipino sa buong bansa.

3. Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang mga kinatawan ng kawanihan sa tanggapang sentral ng Kagawaran ng Edukasyon *(DepEd)*, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon *(CHED)*, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal *(DILG), at* Komisyon ng Serbisyo Sibil *(CSC)*, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, punongguro, mga puno ng Kagawaran ng Filipino o sinumang hihiranging kinatawan sa elementarya, sekundarya, kolehiyo, at unibersidad na pang-estado, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga asignatura ang wikang panturo ay Filipino, mga kinatawan ng iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pribado, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

4. Ang lahat ng dadalo sa Kongresong ito ay magbabayad ng Tatlong Libong Piso (P 3,000.00) para sa rehistrasyon na gugugulin sa mga meryenda at mga tanghalian para sa tatlong araw, isang hapunan sa Gabi ng Parangal, *seminar kit*, honorarya at iba pang gastusin.

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City 1600 633-7208/6337228/632-1361 636-4876/637-6209 www.deped.gov.ph

5. Para sa rehistrasyon, detalye at iba pang impormasyon, maaaring tumawag o makipag-ugnayan kay **G. Jomar I. Empaynado** o kay **Dr. Sheilee Boras-Vega**, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa telepono blg.: (02) 736-2525 lokal 101 o sa mobile phone blg.: 0922-786-0776; o sa mga email addresses: jomarisipempaynado@yahoo.com; shee_bvega@yahoo.co.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Sanggunian:
Wala

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
PUPILS
SCHOOLS
STUDENTS

D-MCR/DM-Pambansang Kongreso sa Wika
0558/June 18, 2013/6-26-13